



Ano ang Kaluluwa?

Leksyon 10

1. Ilang mga kaluluwa ang lumabas sa balakang ni Jacob?

Exodo 1:5 _____

2. Ilang mga kaluluwa ang nasa daong ni Pablo?

Gawa 27:37 _____

3. Anong dalawang mga bahagi ang ginamit ng Diyos upang buoin ang buhay na kaluluwa?

Genesis 2:7 _____

ALABOK + HININGA = KALULUWA

Ang Biblical na pakahulugan ng kaluluwa ay payak na humihingang katawan. Pansinin na sa talata ay hindi sinabing ang tao ay binigyan ng kaluluwa, kundi siya ay naging kaluluwa. Ang kaluluwa ay hindi ang mayroon ang tao, ito ay ang tao. Ang mga kaluluwa ay may dugo (Jeremias 2: 34). Hindi lamang mga tao ang kaluluwa, pati mga isda at mga hayop (Apocalipsis 16: 3).

Ang Hebreong salita para sa kaluluwa, nephesh, ay iba't-iba ang pagkasalin “KJV- person, ANG BIBLIA- tao” (Genesis 14: 21), “KJV- self, ANG BIBLIA- kayo” (Levitico 11: 43), “KJV- life, ANG BIBLIA- buhay” (Awit 31: 13), “KJV- me, ANG BIBLIA- ako” (Hukom 16: 30), “KJV- creature, ANG BIBLIA- nilikha” (Genesis 1: 21), “KJV- beast, ANG BIBLIA- hayop” (Levitico 24: 18), “KJV- man, ANG BIBLIA- pagkatao” (2 Hari 12: 4), “KJV- thing, ANG BIBLIA- bawat likha” (Ezekiel 47: 9), at “KJV- fish” (Isaias 19: 10). Kapag isininalin na “katawan” ang nephesh ay kalimitang patay (Levitico 21: 11).

Ang Griegong salita para sa kaluluwa na, psuche, ay may kaparehong kahulugan. Sa Mateo 16: 25 itinagubilin ni Jesus sa bawat isa na ang sinumang mawawalan ng kanyang kaluluwa (psuche) para kay Cristo. Ito ay malimit na isinasalin bilang “buhay” (Mateo 2: 20). Ito ay nangangahulugang “tao” (Gawa 7: 14). “Ang aking kaluluwa” at “ang iyong kaluluwa” ay mga kawikaang nangangahulugang “ako” at “ikaw” (Mateo 12: 18; 2 Corinto 12: 15).

4. Paano ang paraan na ginamait ng Diyos sa paglikha ng kaluluwa kabaligtad kapag tayo'y namatay?

Awit 104:29 _____

KALULUWA – HININGA = ALABOK

“Kung kaniyang ilagak ang kaniyang puso sa tao, kung kaniyang pisanin sa kaniyang sarili ang kaniyang espiritu at ang kaniyang hininga; Tanang laman ay mamamatay na magkakasama, at ang tao ay mababalik uli sa alabok. Job 34: 14, 15

5. Namamatay ba ang kaluluwa?

Ezekiel 18:20 _____

6. Kapag nagtapos na ang buhay, ano ang naiwan?

Genesis 3:19 _____

7. Ano ang bumabalik sa Diyos?

Eclesiastes 12:7 _____

8. Saan matatagpuan ang espiritung ito sa tao?

Job 27:3 _____

9. Ano ito na matatagpuan sa mga butas ng ilong ng isang tao?

Genesis 7:22 _____

Ang Hebreong salita para sa espiritu ay (KJV- ghost, Ang Biblia- hininga, Job 3: 11), ruach, at ang Griegong salita, pneuma, ay nangangahulugang hininga, hangin, o mahahalagang bahagi. Ito ay ang kislap ng buhay na nagpapabuhay sa iyo. Ito ay ang “hinga ng Makapangyarihan” (Job 3: 4). Kapag ginagamit ng Biblia ang mga salitang iyon sa pagtukoy sa tao, walang ni isa man na nagsasabi na ang ruach o pneuma ay isang bagay na nanatiling may malay pagkatapos mamatay ng isang tao. Ang mga anghel ay tinatawag na espiritu (Awit 104: 4) sapagkat sa mata ng mga tao sila ay hindi nakikita tulad ng hininga. Subalit ang tao ay hindi nagtataglay ng likas ng mga anghel (Awit 8:5), o nagpapahiwatig man ang Biblia na ipalagay man ito sa kamatayan.

10. Ano ang nawawala kapag ang tao ay namatay?

Awit 146:4 _____

11. Ang hininga ba ng tao ay may anumang pagkakaiba sa hininga ng mga hayop?

Eclesiastes 3:19 _____

12. Mayroon bang pagkakaiba sa pagitan ng patay na tao at patay na hayop?

Eclesiastes 3:20 _____

Ang kaluluwa ay katulad ng liwanag na resulta kapag ang bumbilya ay nakaugnay sa pinagkukunan ng kuryente. Ang espiritu, o hininga ng buhay, ay ang daloy ng kuryente. Ang kuryente ay lilikha lamang ng liwanag habang ito ay nasa bumbilya. Kapag ang hibla sa bumilya ay naputol, at ang daloy ng kuryente ay nawala, ang liwanag ay mawawala. Katulad ng isang liwanag na hindi mabubuhay maliban na mayroon kuryente at bumbilya, kaya kailangan na mayroon din parehong hininga ng buhay at katawan upang magkaroon ng buhay na kaluluwa.

13. Pagkatapos mamatay ng isang tao, maari ba siyang bumalik at magpakita sa mga nakakilala sa kanya?

Job 7:8 _____

Job 7:9 _____

Job 7:10 _____

Job 16:22 _____

14. Ngayong mga huling araw ang ilan ay magsisilayo sa pananampalataya, at makikinig sa ano?

1 Timoteo 4:1 _____

15. Anong uri ng mga espiritu ang magpapakita, na gumagawa ng mga tanda?

Apocalipsis 16:14 _____

16. Sa halamanan, si Satanas sa kanyang sarili ay nagpanggap sa anong anyo?

Genesis 3:1 _____

17. Si Satanas ay makapag-kukunyang ano sa kanyang sarili?

2 Corinto 11:14 _____

18. Ang kanyang mga ministro naman ay magpapakita bilang ano?

2 Corinto 11:15 _____

19. Kung sila ay hindi magsalita ang ayon sa kautusan at sa patotoo, ito ay dahil sa ano?

Isaias 8:20 _____

20. Sa halip na subukang makipag-ugnayan sa mga patay, o pumunta sa mga “mediums” at manggagaway, kanino dapat ang bayan ng Diyos maghanap ng katotohanan?

Isaias 8:19 _____

21. Anong uri ng mga tao ang hindi matatagpuan sa bayan ng Diyos?

Deuteronomio 18:10, 11 _____

22. Ang lahat na gumagawa ng mga gayong bagay ay ano?

Deuteronomio 18:12 _____

23. Ano ang mga salitang mayroon si Pabla para sa mga manggagaway?

Gawa 13:10 _____

24. Mari bang magkaroon ang tao ng pakikisama sa Panginoon at sa mga demonyo?

1 Corinto 10:21 _____

25. At sa mga kapangyarihan ni Satanas na nasa paligid natin, tinawag tayo ng Diyos upang anong gawin?

2 Corinto 6:17 _____

Ang mga Kristiyano ay walang anumang mapapakinabang sa salamangka, pagsasabi ng kapalaran, horoscopes, o mga laro, mga aklat, mga palabas o mga laruang nagtataglay ng mga bahagi ng pangkukulam o espiritismo.

Sa Liwanag ng Salita ng Diyos....

- Nauunawaan kong ang kaluluwa ay ang katawang humihinga, isang tao o hayop.
- Nauunawaan kong ang espiritu ng isa ay ang nagbibigay buhay na hininga mula sa Diyos.
- Nauunawaan kong ang kaluluwa ay namamatay kapag tumigil na ang paghinga.
- Nauunawaan kong ang mga patay ay hindi na nakikipag-sanggunian.

Karagdagang mga puna: _____

Pangalan: _____

Susunod na Leksyon: *Ang Lihim ng Kawalang Kamatayan*